

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 30:3

INCLINA aurem tuam, accélera,
ut erípias me.

IKILING Mo ang iyong tainga: magmadali ka
upang iligtas mo ako.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

TUA, Dómine, medicinális
operátio, et a nostris
perversitátibus cleménter
expédiat, et ad ea, quæ sunt recta,
perdícat. Per Dóminum.

ANG IYONG pagbibigay-kagalingan,
Panginoon, nawa'y makapagpalaya sa amin
mula sa paggawa ng kabuktutan, at gumabay
naman sa amin tungo sa paggawa ng kabutiha't
katuwiran. Alang-alang sa Anak Mo, si
Jesucristo...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

IKAPITONG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa "Omnes gentes"

• II cl. • Semidoble • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 46:2

OMNES gentes, pláudite
mánibus: iubiláte Deo in voce
exsultatiónis. — Ps 46:3
Quóniam Dóminus excélsus,
terríbilis: Rex magnus super
omnem terram. V. Gloria Patri.
Omnes gentes.

KAYONG LAHAT na mga bansa, pumalakpak
kayo't sumigaw nang buong galak sa Dios! —
Salmo 26:1 Sapagka't ang Poong Kataas-taasan
ay kahanga-hanga: Haring dakila sa buong
sandaigdigan. V. Luwalhati sa Ama. — Ang
Kayong lahat...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, cuius providéntia in sui
dispositiÓne non fállitur: te
súpplices exorámus; ut nóxia
cuncta submóveas, et ómnia
nobis profutúra concédas. Per
Dominum.

O DIOS, ang iyong pagpapatnubay ay 'di
kailanman nagkululang, pakumbaba naming
isinasamo namin na ilayo mo ang tanang
makapagpapahamak sa amin, at iyo nawang
ipagkaloob lamang ang tanang makabubuti sa
amin. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • Rom 6:19-23

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma.

MGA KAPATID: Gumagamit ako ng karaniwang pangungusap dahil sa inyong
likas na kahinaan. Kung paanong ipinailalim ninyo noong una ang inyong
sarili sa karumihan at sa kasamaang palala nang palala, isuko ninyo ngayon ang
inyong sarili bilang alipin ng katuwiran para sa mga banal na layunin. Noong alipin
pa kayo ng kasalanan, hindi kayo saklaw ng katuwiran. Ano ang napala ninyo sa
mga bagay na iyon na ikinahihiya ninyo ngayon? Kamatayan ang ibinubunga ng
mga iyon. Ngunit ngayong pinalaya na kayo mula sa kasalanan at naging alipin na
ng Diyos, ang natamo ninyo'y isang buhay na banal at ang ibinubunga nito'y buhay
na walang hanggan. Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang
walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni
Cristo Jesus na ating Panginoon. — R. **Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 33:12, 6; Ps 46:2

VENITE, filii, audíte me: timórem Dómini docébo vos.

V. Accédite ad eum, et illuminámini: et fácies vestrae non confundéntur.

Allelúia, allelúia. *V.* Omnes gentes, pláudite mánibus: iubiláte Deo in voce exultatiónis. **Alleluia.**

LUMAPIT kayo, mga anak ko: pakinggan ninyo ako't ituturo ko sa inyo ang pagmamahal sa Panginoon.

V. Lumapit kayo sa kaniya, nang magliwanag ang inyong mga mukha, at upang hindi kayo mapahiya.

Aleluya, aleluya! *V.* Kayong lahat na mga bansa, pumalakpak kayo't sumigaw nang buong galak sa Dios! **Aleluya.**

EBANGHELYO • Mt 7:15-21

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHOONG IYON: Sinabi ni Hesus sa kaniyang mga alagad: “Magingat kayo sa mga huwad na propeta. Lumalapit sila sa inyo na parang tupa, ngunit ang totoo’y mababangis na asong-gubat. Makikilala ninyo sila sa kanilang mga gawa. Mapipitas ba ang ubas sa puno ng dawag, o ang igos sa matitinik na halaman? Mabuti ang bunga ng mabuting puno, subalit masama ang bunga ng masamang puno. Hindi maaaring mamunga ng masama ang mabuting puno at hindi maaaring mamunga ng mabuti ang masamang puno. Ang bawat punong hindi mabuti ang bunga ay puputulin at itatapon sa apoy. Kaya’t makikilala ninyo ang mga huwad na propeta sa pamamagitan ng kanilang mga gawa. Hindi lahat ng tumatawag sa akin, ‘Panginoon, Panginoon,’ ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang mga taong sumusunod sa kalooban ng aking Ama na nasa langit. — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Dan 3:40

SICUT in holocáustis arétum et taurórum, et sicut in mília agnórum pínguium: sic fiat sacrificium nostrum in conspéctu tuo hódie, ut pláceat tibi: quia non est confúso confidéntibus in te, Dómine.

TANGGAPIN mo kami na parang nag-aalay ng mga barakong tupa at toro, at libu-libong matatabang tupa na susunugin bilang handog sa iyong harapan. Kaya’t tanggapin mo ang aming paghahandog sa Iyong harapan ngayon, upang matuwa Ka: Walang nagtiwala sa iyo na nabigo, Panginoon.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

DEUS, qui legálium différentiam hostiárum unius sacrificii perfectione sanxísti: accipe sacrificium a devótis tibi fámulis, et pari benedictióne, sicut múnera Abel, sanctífica; ut, quod sínguli obtulérunt ad maiestátis tuæ honórem, cunctis proficiat ad salútem. Per Dóminum.

O DIOS, natupad ang lahat ng mga paghahaing ipinag-utos mo noon tungo sa iisa, ganap at dakilang paghahain: tanggapin mo sana itong ginaganap ngayon ng iyong mga lingkod at basbasan mo ito tulad ng ginawa mo sa mga alay ni Abel, upang ang mga handog ng bawat isang nag-alay ay pakinabangan ng tanan para sa kanilang kaligtasan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeternæ Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in unius Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine différentia discretiónis sentímus. Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æquálitás.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka’t kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi. Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**